
| MATATAG Kto10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | Visit DepEdResources.com for More | Baitang: | 1 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | MAKABANSA |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | AUGUST 19 - 23, 2024 (WEEK 4) | Markahan: | Unang Markahan |



| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilallaman* | Nauunawaan na ang bawat tao ay may indibidwalidad (individuality) | | | |
| *B. Pamantayang Pagganap* | Naipapamalas na ang bawat tao ay may indibidwalidad | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Nailalarawan na ang bawat tao ay may iba’t ibang:<br>c. Interes at Kakayahan | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *D. Mga Layunin* | Naibibigay ang kahulugan ng kakayahan<br><br>Natutukoy ang iba't ibang kakayahan ng mag-aaral | Naipakikita ang kakayahan sa sining ng pagguhit at pagkulay<br><br>Nakagagawa ng halimbawa ng sining sa pagguhit at pagkulay | Naipakikita ang kakayahan sa sining sa paghulma<br><br>Nakagagawa ng halimbawa ng sining sa paghulma | Naipakikita ang kakayahan sa paggawa ng simpleng collage<br><br>Nakagagawa ng halimbawa ng collage |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **II. NILALAMAN/ PAKSA** | Kahulugan at Iba't Ibang Kakayahan ng mag-aaral | Sining sa Pagguhit at Pagkulay | Sining sa Paghulma | Simpleng Collage |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | MATATAG K TO 10 Curriculum Makabansa Baitang 1 | | | |
| *B. Iba pang Kagamitan* | larawan ng iba't ibang kakayahan ng bata | Sining, pp. 3-6 ng Teachers' Guide<br><br>lapis, pangkulay, drawing paper | papel, dyaryo, clay, at iba pang kagamitan na maaaring magamit sa paghulma | magasin, dyaryo, bond paper or oslo paper, gunting, pandikit, lapis |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Panimulang Gawain* | Ipakikita ng guro ang iba't ibang larawan. Bibilugan ng mga mag-aaral ang mga gawain na kaya nilang gawin.<br><br> | 1. Ipaawit ang "Ang mga Hugis"<br><br>Maaaring maghanap ng mga bidyo tungkol sa mga hugis.<br><br>**Tanong:**<br><br>Tungkol saan ang awit?<br>Ano-anong mga hugis ang nabanggit sa kanta?<br>(Sa aralin na ito, inaasahan na ang mga mag-aaral ay may kaalaman na sa mga hugis at kulay na natutunan sa "Kindergarten") | Balik-aral:<br><br>Ipagawa sa mga mag-aaral (awit na may kilos: Hugis)<br><br>Gumawa ng galaw na nagpapakita ng iba't ibang linya at hugis gamit ang baywang.<br> | Balik-aral:<br>Ipagawa ang gawaing lahatang pagbuo.<br>Panuto:<br>1. Ang klase ay bubuo ng hugis na babanggitin ng guro.<br>2. Lahat ng mga mag-aaral ay kailangan ng kooperasyon sa paggawa sa gawain.<br><br>Mga hugis na ipapagawa:<br>Parisukat<br>Tatsulok<br>Bilog parihaba<br><br>3. Hintayin ang hudyat ng guro. Bibilang ng sampu ang guro sa pagbuo ng hugis. |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <br><br><br> | | Gawin ang paggalaw sa hudyat na sasabihin ng guro. | |



| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| |       | | | |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | <br><br><br>Mga Tanong:<br>1. Alin sa mga ito ang ginagawa ninyo?<br>2. Tumutulong ba kayo sa inyong mga magulang sa mga gawaing bahay?<br>3. Bakit? Ano ang naiisip ninyo habang binibilugan ang larawan?<br>4. Bakit kailangan mong malaman ang iyong kakayahan? | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Mga layunin ng aralin:<br><br>Naibibigay ang kahulugan ng kakayahan<br><br>Natutukoy ang iba't ibang kakayahan ng mga mag-aaral | Mga layunin ng aralin:<br><br>Naipakikita ang kakayahan sa sining ng pagguhit at pagkulay<br><br>Nakagagawa ng halimbawa ng sining sa pagguhit at pagkulay | Mga layunin ng aralin:<br><br>Naipakikita ang kakayahan sa sining sa paghulma<br><br>Nakagagawa ng halimbawa ng sining sa paghulma | Mga layunin ng aralin:<br><br>Naipakikita ang kakayahan sa paggawa ng simpleng collage<br><br>Nakagagawa ng halimbawa ng collage |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | Ipakikilala ng guro ang sumusunod na salita at gagamitin niya ang mga ito sa pangungusap.<br><br>kakayahan<br><br>gawaing bahay | Ipakikilala ng guro ang sumusunod na salita at gagamitin niya ang mga ito sa pangungusap.<br><br>drowin<br><br>g linya<br><br>kulay<br><br>hugis | Ipakikilala ng guro ang salita at gagamitin niya ito sa pangungusap.<br><br>hulma | Ipakikilala ng guro ang salita at gagamitin niya ito sa pangungusap.<br><br>*collage* |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagbasa sa Mahahalagang*<br><br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | Gawain:<br>**STAR NG BUHAY KO**<br><br>Magpapaskil ang guro sa pisara ng hugis bituin na papel na may nakasulat ng iba't ibang kayang gawin ng mag-aaral (hal. pagguhit, pagkulay, paghulma, pagpinta). | **Mga Tanong:**<br><br>Ano-ano ang mga uri ng linya?<br><br>(tuwid, pakurba, dayagonal, putol-putol, *zigzag*, paalon) | **Gawain 1. "Gawin mo ito"**<br><br>**Panuto:**<br>Pangkatin ang mga mag-aaral sa apat na grupo.<br><br>Magbabanggit ng mga linya at hugis ang guro katulad ng bilog, parihaba, parisukat, at iba pa. Bubuoin ng pangkat ang hugis na nabanggit. | **Gawain 1. "Idikit-dikit"**<br><br>**Panuto:**<br>1. Gumuhit ng malaking parisukat sa manila paper. Hatiin ang parisukat sa lima. Lagyan ang bawat hati ng pangalan ng kulay. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Pupunta ang mga bata sa pisara at kukuha ng isang strip ng papel na tumutukoy sa mga gawain at<br>ididikit ito sa pisara.<br><br>Sa gabay ng guro, ipabasa ang mga salitang nasa pisara/*strip of paper* (sabayan, isahan)<br><br>**Tanong:**<br><br>1. Ano-anong mga bagay ang kaya ninyong gawin? | Magbigay ng mga bagay kung saan makikita ang iba't ibang uri ng linya sa loob ng silid-aralan.<br><br>Ano-ano naman ang mga halimbawa ng hugis?<br><br>(bilog, parisukat, parihaba, tatsulok, bilohaba)<br><br>Magbigay ng mga bagay na nagpapakita ng hugis sa loob ng silid-aralan.<br><br>Ano-ano ang mga kulay na makikita sa loob ng silid? | <br><br>*Straigh t Line* <br><br><br>*Zigzag* | 2. Bigyan ang mga mag-aaral ng iba't ibang hugis ng ginupit gamit ang *colored paper*.<br><br>3. Ipadikit sa manila paper ang mga ginupit na papel ayon sa kulay na nakalagay sa manila paper gamit ang pandikit.<br><br>**Tandaan**: Maaaring gumuhit ng iba pang imahe sa manila paper. Siguraduhing ligtas sa paggawa ng gawain ang mga mag-aaral. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | <br>*Square*<br><br>*Triangle*<br>Hintayin ang hudyat ng guro bago buoin ang nasabing linya o hugis. Bibilang ng tatlo ang guro at inaasahang magagawa ng bawat grupo ang nasabing linya o hugis.<br>Ang pinaka maraming nakuhang tamang linya at hugis ay itatanghal na panalo. | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susin g Ideya* | Ang mga **kakayahan** ay mga bagay na kaya mong gawin. Ito ang mga bagay kung saan ka magaling. Lahat ng tao ay nagtataglay nito at kailangang mapaunlad ang mga ito. | **Gawain**<br>1. Gumawa ng dalawang tuldok.<br>2. Pagdugtungin ang dalawang tuldok.<br>3. Gumawa ulit ng maraming tuldok. Pagdugtungin ang mga tuldok upang makagawa ng iba't ibang linya.<br>4. Dagdagan ang mga tuldok na nagawa. Pagdugtungin muli ito upang makagawa ng iba't ibang hugis.<br><br>Ang linya ay nagsisimula sa isang tuldok. Kapag ang dalawa o mas marami pang tuldok ay inyong pinagdugtong-dugtong, nabubuo ang linya.<br><br>(Ipakita ang iba't ibang linya)<br> | **Mga Tanong:**<br>1. Ano-ano ang mga linya at hugis na inyong nabuo mula sa gawain?<br>2. Paano ninyo ito nabuo?<br>3. Ano-anong bagay ang maaaring magamit upang makagawa ng mga bagay na may hugis?<br>4. Ano ang tawag sa gawaing ito?<br><br>Ang paghulma ay pagbuo o paghubog ng mga hugis o anyo gamit ang luwad (*clay)* o ibang kagamitan sa paghulma o paghubog. | **Pamprosesong tanong:**<br>1. Ano ang inyong naramdaman habang binubuo ang hugis na nakalagay sa manila paper?<br><br>Ang sining na inyong ginawa ay tinatawag na collage. Ang collage ay isang sining na binubuo gamit ang ibat' ibang piraso upang makabuo ng imahe. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | Ang drowing ay pagguhit ng larawan.<br><br>Ang pagpinta ay larawan o disenyo na iginuhit sa pamamagitan ng kulay. | | |



| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | **ANG MATULUNGING MAGKAKAPATID**<br><br>Sina Ana, Maria, Jose at Lito ay magkakapatid. Si Ana ay Kinder pa lamang samantalang si Maria ay nasa unang baitang, si Lito naman ay nasa ikatlong baitang at si Jose ay nasa ikaapat na baitang.<br><br>Tuwing Sabado at Linggo si Ana ay nagdidilig ng halaman sa bakuran. Si Maria ay nagwawalis sa loob at labas ng bahay. Si Lito ay tumutulong sa pagluluto sa kanilang Nanay, habang si Jose ay nagpapakain ng alagang manok sa likod-bahay.<br><br>Tuwang-tuwa ang kanilang mga magulang sa magkakapatid. | **Gawain 2:**<br>Ang gawaing ito ay magpapakita ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagguhit at pagkulay. Ihanda ang mga kagamitan sa gawain gaya ng lapis, pangkulay, at *drawing paper*.<br><br>Panuto:<br>1. Gamit ang lapis, gumuhit ng isang bagay na iyong nais. Maari itong tao, hayop, prutas, kagamitan, at iba pa.<br>2. Pagkatapos itong iguhit, kulayan ito ng naaangkop na kulay.<br>3. Ibahagi ang iyong ginawa sa harap ng klase. Sabihin kung ano ang iyong ginawa. Maaari ring ibahagi ang mga uri ng linya, hugis, at kulay na iyong ginamit. | **Gawain 2:**<br>"Paghulma gamit ang Papel"<br><br>**Panuto**:<br>1. Ilabas ang mga kagamitang ipinadala ng guro.<br>2. Gamit ang mga dyaryo o mga gamit na papel, gumawa o humulma ng hugis bilog. Ang laki ng bilog ay katulad ng laki ng kamao ng guro.<br>3. Gumuhit naman sa malinis na papel ng mga parte ng mukha katulad ng mata, ilong, bibig, at iba pa. Kulayan ito. | **Gawain 2:**<br>"Ang aking Simpleng *Collage*"<br><br>**Panuto**: Basahin ito sa mga mag-aaral. Gabayan ang mga mag-aaral sa paggawa ng kanilang collage.<br><br>1. Gumuhit ng iyong paboritong hayop sa isang bond paper o oslo paper. Siguraduhin na ang iyong iginuhit ay malaki at sakop ang buong papel.<br>2. Lagyan ng pandikit ang iyong iginuhit. Idikit ang mga piraso ng ginupit na magazine sa iyong iginuhit na hayop.Idikit ito hanggang sa matakpan ang lahat ng bahagi.<br>3. Linisan ang puwesto pagkatapos gawin ang collage. |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **Mga Tanong:**<br><br>1. Sino sa magkakapatid sa kuwento ang katulad mo sa paggawa ng gawaing bahay?<br><br>2. Ano-anong gawaing bahay ang kaya mong gawin? Paano mo mapabubuti ang mga ito?<br><br>3. Ano ang iyong nararamdaman habang gumagawa ka ng gawaing bahay?<br><br>4. Bakit kailangang pagbutihin ang pagtulong at paggawa ng gawaing bahay?<br><br>5. Bakit sinasabi na may kanya-kanyang kakayahan ang bawat tao? | | 4. Gamit ang gunting, maging maingat sa paggupit ng iba’t ibang parte ng mukha. Idikit ito sa iyong hinulmang papel. Idisenyo ito sa iyong nais.<br><br>5. Ibahagi sa iyong kamag-aral ang iyong ginawa.<br><br> | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |

| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Paglalapat at Paglalahat* | Ang paggawa o pagtulong sa mga gawaing bahay ay matatawag na kakayahan ng bata.<br><br>Ang pagtulong sa mga gawaing bahay ay halimbawa ng paggamit ng kakayahan.<br>Ang bawat bata ay may kaniya-kaniyang kakayahan. May kaya siyang gawin na hindi kaya ng iba. May hindi siya kayang gawin na kaya naman ng iba. | Ang isang batang tulad mo ay maaaring makagawa ng isang drowing gamit ang iba't ibang kulay hugis at linya. | Ang batang katulad mo ay may kakayahan na gumawa ng sining na hinulma gamit ang iba’t ibang bagay na maaaring ihulma. | Ang batang katulad mo ay may kakayahang gumawa ng simpleng collage. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Maaring pumili ng gawain ang guro na angkop sa mga mag-aaral.<br><br>**A. Iakto Mo, Huhulaan Ko**<br><br>Hatiin ang klase sa 2, Hanay A at Hanay B. Bubunot ang mga mag-aaral ng sitwasyon sa loob ng kahon tungkol sa kakayahan sa gawaing bahay at ipakikitang kilos ito. | Pangkatin ang mga mag-aaral sa tatlong grupo.<br><br>Ipaguhit sa mga mag-aaral ang mga bagay na makikita sa labas ng silid-aralan. Palagyan ito ng kulay.<br><br>Pangkat 1 - Iguhit ang puno na makikita sa paligid<br><br>Pangkat 2 - Iguhit ang larawan ng bulaklak<br><br>Pangkat 3 - Iguhit ang damo o bahay na makikita sa labas ng silid aralan | **Pasagutan ng pasalita**:<br><br>1. Base sa iyong ginawa, masasabi mo bang may kakayahan ka sa paggawa ng sining sa paghulma?<br><br>2. Ano-anong gamit ang pwede sa paghulma?<br><br>3. Paano mo pa mapapaganda ang inyong ginawa? | **Panuto**: Sabihin ang salitang "Kaya ko" kung ang mga babanggitin ng guro ay kaya mong gawin at sasabihin naman ang "Susubukan ko" kung ang babanggitin naman ng guro ay hindi pa kayang gawin.<br><br>1. Natutukoy ang mga uri ng linya, hugis, at kulay<br><br>2. Nakaguguhit ng linya at hugis.<br><br>3. Nakukulayan ang iginuhit |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Bubunot ang Hanay A ng sitwasyon at ipakikitang kilos ito. Huhulaan ng Hanay B ang kilos na isinagawa.<br><br>1. Gawaing bahay sa kusina<br>2. Pag-aayos ng halaman sa halamanan<br>3. Gawaing bahay sa sala<br>4. Gawain sa loob ng silid-tulugan<br>5. Gawain kung nag-aalaga ng hayop. | <br><br>**Mga Tanong:**<br>Anong mga linya/hugis/kulay ang inyong ginamit upang mabuo ang sining na ito?<br><br>Ano ang naramdaman ninyo pagkatapos na maisagawa ang gawain? (masaya)<br><br>*Values Integration*:<br>Bigyang diin ang pagpapahalaga sa sariling gawa. Sabihin na ipagmalaki ang kanilang ginawa sapagkat ito ay kanilang sariling likhang sining. | | 4. Nakagagawa ng hinulmang mukha<br><br>5. Nakagagawa ng collage |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | A. Kulayan ang bulaklak ng **pula** kung naibabahagi ang kakayahan sa paggawa ng gawaing bahay at **dilaw** kung hindi. | Mga kagamitan na dadalhin kinabukasan para sa gagawing paghulma<br>1. dyaryo o gamit na papel<br>2. pandikit<br>3. gunting | Mga kagamitan na dadalhin kinabukasan para sa paggawa ng simpleng collage.<br>1. pahina ng magasin na ginupit sa iba't ibang hugis | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 1 2 3 4 5<br><br>1. Tinutupi ni Myra ang damit matapos ang mga itong labahan.<br><br>2. Naglalaro si Nilo habang ang kapatid niya ay nagpupunas ng mesa sa sala.<br><br>3. Natutulog si Bebot habang naghuhugas ng pinggan ang nanay niya.<br><br>4. Nilalagay ni Nida ang mga nagkalat na dumi sa basurahan.<br><br>5. Pinupunasan ni Ina ang sahig ng sala nila.<br><br>B. Sa tulong ng nakakatanda, gumupit ng larawan ng mga gawain sa bahay na kayang gawin ng bata at idikit ito sa bond paper. | 4. pangkulay<br>*5. tape* | 2. pandikit<br>3. lapis | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |

Inihanda ni:

______________________________
Guro

Nirebyu ni:

______________________________
Master Teacher / Head Teacher

Pinagtibay ni:

______________________________
School Head